# Paggiik

MICHAEL ANGELO VARGAS SANTOS

Gintong butil
itong namimintog na uhay.
Bawat butil ay buhay.

Bunga ng matiyagang
pagbibilad sa araw
na lumalapnos sa balat,
nagpapakapal ng kalyo sa talampakan,
nagpapakirot sa balakang,
at nagpapakunot sa noo,
sa tuwing uutang ng pang-abono.

Tinatalunton ang makipot na pilapil,
naninimbang sa bawat paghakbang,
ginigiik ang pangarap,
na sumisirko sa hangin
kasabay ng mga dayaming iniluluwa ng treser.
Itinutumpok sa sipok ang pag-asa.

Hindi alintana ang nagsulputang makahiya
at mga susong nagtihaya.
Ang inaasahang ani
ay sa Diyos ipinauubaya.
Ano't ang tubig
ay siya ring nagbibigay buhay,
na nagpapamintog sa uhay,
at naghahatid sa hukay.

Sa pagkatuyo't dahilan
ng pagkabitak ng kalyo sa talampakan
at ng lupang tinatapakan.

Kaya't pilapil ay tumungong lansangan,
Bitbit ang panawagang
Bigas! Bigas para sa sikmurang napipipilas!

At bigla'y umulan,
umulan ng bala,
gaya ng tubig mula sa winasiwas na ligadera.
Isa-isang ginapas at kinamada
ang mga duguang katawan.
Diniligan ng dugo
ang nabitak na lupa.

Kaya't ano'ng tutubo?
Mga bagong punlang
Nakakuyom na kamao.